## APPLICATION

- Ano ang iyong tugon nang malaman mo ang ginawa ni Jesus para sa iyo sa krus? Paano nabago ng kamatayan, pagkalibing, at muling pagkabuhay ni Kristo ang iyong buhay?
- May mga kasalanan ka ba na nagbibigay pa rin sa iyo ng kahihiyan kahit naihingi mo na sa Diyos ng kapatawaran? Paano ka makapapamuhay nang malaya sa kahihiyan simula sa araw na ito?
- Sa anong bahagi ng iyong buhay mo kailangang maranasan ang kalayaan na nagmumula kay Kristo? Ano ang isang bagay na maaari mong gawin ngayon upang mamuhay sa kalayaan na ibinigay ni Kristo nang siya ay mamatay sa krus?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos para sa sakripisyo ni Jesus sa krus. Pasalamatan Siya sa pagligtas, pagpapatawad, at pagpapalaya sa iyo.
- Ipanalangin na buong tapang mong maihahayag ang pagbago na ginawa ni Kristo sa iyong buhay at magawa mong maibahagi sa iyong mga kaibigan at kapamilya ang Mabuting Balita ng Diyos nang buong tapang.
- Ipanalangin ang kaligtasan ng iyong mga kapamilya at kaibigan at ng iba pa na hindi pa nakakikilala kay Jesus. Hilingin sa Diyos na Kanyang palambutin ang kanilang mga puso at tawagin sila palapit sa Kanya araw-araw.

VICTORY

© 2015 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph

BIYAHENG SEMANA SANTA



# Minsan Lang at Para sa Lahat

## NOTES

## WARM-UP

- Ibahagi ang isang kabiguan na nangyari sa iyo ngayong linggo.
- Sa iyong palagay, bakit natin inaayawan ang mga taong mapanghusga?
- Ano ang iyong nagiging tugon sa tuwing ikaw ay nagkakaroon ng kahihiyan dahil sa mga bagay na iyong nasabi o nagawa? Ano ang iyong ginagawa upang alisin ito?

**WORD**

*[8]Una, sinabi ni Kristo na hindi nagustuhan ng Diyos ang mga handog at kaloob, at hindi sya nasiyahan sa mga handog na sinusunog at mga handog sa paglilinis kahit na ipinapatupad ito ng Kautusan. [9]Pagkatapos, sinabi niya sa kanyang Ama, "Nandito ako para sundin and kalooban mo." Kaya inalis ng Diyos ang dating paraan ng paghahandog upang palitan ng paghahandog ni Kristo. [10]At dahil sinunod ni Jesu-Kristo ang kalooban ng Diyos, nilinis niya tayo sa mga kasalanan natin sa pamamagitan ng minsang paghahandog ng sarili niya.* **HEBREO 10:8-10**

---

Sa ating puso, alam natin na kapag tayo ay may nagawang mali, dapat natin ito itama. Ang kasalanan ay parang utang na dapat bayaran. Ginagawa natin ang nararapat upang itama ang mga mali. Subalit ang lahat ng maganda nating mga ginagawa, kabilang na ang mga sakripisyo at pag-aalay, ay walang saysay. Hindi natin kayang iligtas ang ating mga sarili, at itama ang ating mga pagkakamali. Iyan ang dahilan kung bakit nagkatawang tao si Jesus at inako ang ating mga kasalanan. Binayaran Niya ang mga ito at inalis Niya ang hinihinging pagsasakripisyo dahil Siya mismo ang naging sakripisyo para sa atin. Minsan lamang Niya ito kailangang gawin para sa ating lahat. Sa araling ito, ating tignan ang kahulugan ng sakripisyo ni Jesus.

## 1 Wala na ang Paghuhusga

*Sa pamamagitan ng dugo ni Kristo, tinubos tayo, na ang ibig sabihin ay pinatawad ang mga kasalanan natin. Napakalaki ng biyayang ipinagkaloob sa atin ng Diyos.* **MGA TAGA-EFESO 1:7**

Binayaran ni Jesus ang kabuuang halaga ng ating kaligtasan at kapatawaran. Tayo ay naligtas dahil kay Kristo. Hindi na kailangan ng iba pang sakripisyo. Wala na din ang paghuhusga. Saan tayo iniligtas ni Jesus? Paano Niya tayo iniligtas?

## 2 Wala na ang Pagkakasala

*Kung nakakalinis ang mga ito, di lalo na ang dugo ni Kristo. Sa pamamagitan ng walang hanggang Banal na Espiritu, inialay ni Kristo ang sarili niya bilang handog na walang kapintasan sa Diyos.* **HEBREO 9:14**

Inihambing ng sumulat ng aklat ng mga Hebreo ang pag-aalay ng mga hayop sa walang kapintasan at ganapna sakripisyo ni Jesus sa krus. Dahil sa dugo ni Kristo, tayo ay nakatanggap ng kapatawaran, ang ating mga konsyensya ay nalinis, at inalis sa atin ang kahihiyan na bunga ng ating mga kasalanan. Paano mo ihahambing ang isang tao na bitbit ang kahihiyan sa isang tao na malaya dito? Ibahagi ang iyong patotoo sa ginawang pagpapalaya sa iyo ni Kristo mula sa iyong kasalanan at kahihiyan.

## 3 Wala na ang Pagkaalipin

[5]. . . Iniibig niya tayo, at sa pamamagian ng kanyang dugo iniligtas niya tayo sa ating mga kasalanan. [6]Ginawa niya tayong mga hari at mga pari upang maglingkod sa Diyos na kanyang Ama. Sa kanya ang kaluwalhatian at ang kapangyarihan magpakailanman. Amen. **PAHAYAG 1:5,6**

Nang ating tanggapin si Jesus bilang Panginoon at Tagapagligtas, hindi Niya lamang tayo iniligtas at pinatawad. Tayo ay Kanyang pinalaya sa kapangyarihan ng kasalanan at kamatayan.
Sa pamamagitan ng Kanyang dugo mula sa Kanyang sakripisyo, tayo ay naging malaya at nakakawala sa pagkaalipin sa ating mga buhay. Bago ka naging Kristiyano, sa anong bagay ka naging alipin? Paano mo naranasan ang kalayaan na ibinibigay ni Kristo?